## Part 4: Ang Tungkol Sa Politica

### 4.1 ANG ULTIMATE AUTHORITY

Ang salitang *authority* o awtoridad ay nangangahulugang: ang kapangyarihan o karapatang magbigay ng mga utos, gumawa ng mga desisyon, at ipatupad ang pagsunod ng isang indibidwal o grupo na nasasakupan. Ang salitang *ultimate* naman ay: pinakamahalaga, pinakamataas, huli o pangwakas. May dalawang uri ng awtoridad na umiiral: pinagkaloob na awtoridad at inagaw na awtoridad.

**TIME OUT**

- Anong dalawang uri ng awtoridad ang nabanggit?
  ______________________________________________
- Magbigay ng halimbawa ng awtoridad na pinagkaloob?
  ______________________________________________
  ______________________________________________

**PAG-ISIPAN:**

| | |
|---|---|
| Ang aking alam | Ang nagtataglay ng pinakamataas na awtoridad ay: |
| | Siya (sagot mo sa itaas) ay may ultimate authority sapagkat: |

**PAG-ARALAN:**

Basahin ang mga talata at sagutin ang mga tanong.




1. John 1:3
   Nilikha ang lahat ng bagay sa pamamagitan Niya (Jesus) at walang anumang nalikha nang hindi sa pamamagitan Niya.

2. Colosas 1:16 & 17
   Sapagkat sa pamamagitan Niya (Jesus) ay nilikha ang lahat ng nasa langit at nasa lupa, nakikita man o hindi, pati ang mga espirituwal na kapangyarihan, paghahari, pamamahala, at pamumuno. Ang lahat ay nilikha ng Diyos sa pamamagitan Niya (Jesus) at para sa Kanya (Jesus). Siya ang una sa lahat at ang buong sansinukob ay nananatiling nasa kaayusan sa pamamagitan Niya.
3. Mga Awit 135:6
   Anumang nais ng Panginoon sa langit man o sa lupa, at kahit sa karagatan, ang anumang panukala, ginaganap Niya ito sa sariling pagkukusa.
4. Mateo 3:16 & 17
   Nang mabautismuhan si Jesus, kaagad siyang umahon sa tubig. Nabuksan ang langit at nakita ni Jesus ang Espiritu ng Diyos na bumabang parang isang kalapati at dumapo sa Kanya. At isang tinig mula sa langit ang nagsabi, "Ito ang minamahal Kong Anak na lubos Kong kinalulugdan!"
5. Mateo 28: 18
   Lumapit si Jesus at sinabi sa kanila, "Ibinigay na sa Akin ang lahat ng kapangyarihan sa langit at sa lupa.
6. Mateo 11:27
   "Ibinigay na sa Akin (Jesu Cristo) ng Aking Ama (Diyos Ama) ang lahat ng bagay. Walang nakakakilala sa Anak kundi ang Ama, at walang nakakakilala sa Anak kundi ang Ama, at walang nakakakilala sa Ama kundi ang Anak at ang mga pinili ng Anak na pagpahayagan Niya.
7. Isaias 14: 13 & 14
   Hindi ba't sinabi mo sa iyong sarili? 'Aakyat ako sa langit; at sa ibabaw ng mga bituin ng Diyos, ilalagay ko ang aking trono. Uupo ako sa ibabaw ng bundok na tagpuan ng mga diyos sa malayong hilaga. Aakyat ako sa ibabaw ng mga ulap, papantayan ko ang Kataas-taasan.'
8. Job 1: 6-7, 11-12
   Isang araw, nagtipon ang mga anghel sa presensya ng Panginoon, at sumali sa kanila si Satanas. Sinabi ng Panginoon kay Satanas, "Saan ka nanggaling?" Sumagot si Satanas, "Paroo't parito na naglilibot sa mundo."

   Pero subukan mong kunin ang lahat ng iyan sa kanya at siguradong isusumpa Ka niya." Sinabi ng Panginoon kay Satanas, "Sige, kunin mo ang lahat ng mayroon siya, pero huwag mo siyang sasaktan." Kaya umalis agad si Satanas sa harapan ng Panginoon.

- Basahing ang # 1 and 2 verses. Sino ang lumikha ng lahat? ________________________

  Ano ang mga binanggit na nilikha Niya?

  ___________________________________________________________________________

  ___________________________________________________________________________

  Para kanino ang Kaniyang mga nilikha? ________________________________________
- Anong katangian ng Diyos ang matututuhan mo sa #3 verse? ______________________
- Ayon sa #s 4 and 5 verses, kanino ipinagkaloob ng Diyos Ama ang kapangyarihan na maghari sa langit at lupa? _________________________________
- Ano ang ninais ni Lucifer (Satanas) mangyari ayon sa #6 verse?

  ___________________________________________________________________________
- Anong uri ng kapangyarihan mayroon ang Diyos at si Satanas ayon sa #8 verse?

  ___________________________________________________________________________

**PAG-USAPAN:**



Ang Diyos ang lumikha ng **lahat**. Ang Kanyang dakilang kapangyarihan (sovereignty) ang namamahala sa buong sansinukob sa pamamagitan ng Kanyang kalooban at pangangalaga. Ang Diyos ay may walang hanggang kapangyarihan, kaalaman, at presensya. Alam Niya ang puno't dulo ng lahat ng bagay at pangyayari. Walang mangyayari sa sansinukob na walang pahintulot ang Panginoong Diyos.

Mahalaga na ating tandaan na ang awtoridad na mayroon ang Panginoong Jesus ay ibinigay sa Kanya ng Diyos. Ang lahat ay sakop ng Kanyang awtoridad, ang Hari ng mga hari at Panginoon ng mga panginoon. Dapat rin malaman na mayroon isa pang uri ng awtoridad, ito ay yaong awtoridad na dinaan sa pang-aagaw.

Tinangkang agawin ng isang batikang anghel na tinaguriang Lucifer ang pamamamala ng kalangitan mula sa Panginoong Diyos. Hindi siya nagtagumpay. Siya at ang mga sumaping anghel sa kanya ay tinalo ng hukbo ni Michael, ang kampeon ng Diyos. Subalit sa lupa, kung saan si Lucifer at ang kanyang mga kampon ay itinapon mula sa langit, siya ay nagtagumpay na agawin ang pamamamahala ng mundo mula sa tao. Ang tao ang pinagkalooban ng Panginoong Diyos ng awtoridad na pamahalaan ang buong lupain sa mundo.

Sa kasalukuyan, si Lucifer ay kilala na sa pangalang Satanas. Napabagsak niya ang tao sa kasalanan nang tuksuhin niya ito na maging katulad niya na parang diyos, na alam ang

mabuti at masama. Dahil sa pagkakasala, napailalim ang tao sa kapangyarihan ng kamatayan at sa kapangyarihan ng kanyang naging makasalanang kalikasan. At dahil sa kasalanan ng tao, pati ang lupa, na dapat sana niyang pamamahalaan, ay isinumpa ng Diyos.


Kung ang Diyos ang may ultimate authority sa sansinukob, bakit pinababayaan ng Diyos ang patuloy na paghahari ng karimlan at paglaganap ng pagdurusa sa mundo?

Sa aklat ni Job, matutunghayan natin ang isang pag-uusap ng Diyos at ni Satanas kung kailan noon ay minungkahi ni Satanas sa Panginoong Diyos na kung aalisin Niya ang Kanyang protection at pagpapala kay Job, tiyak na Siya ay isusumpa ni Job. Pinayagan ng Diyos na maranasan ni Job ang katakot-takot na pagdurusa mula sa kamay ng diablo. Subalit sa huli, ang sabi ni Job ay ito: Patayin man ako ng Diyos, sa Kanya pa rin ako magtitiwala.

Ilang bagay ang pinatutunayan ng kasaysayang ito: Una, mayroong mga tao na tunay ang pagmamahal at pagtitiwala sa Diyos kahit sila man ay hinahayaang dumanas ng pagdurusa. Ikalawa, may explanation ang lahat ng masamang nangyayari sa buhay at sa mundo. Ikatlo, ang diablo ay nananatiling nakapailalim sa kapangyarihan ng Panginoong Diyos.

Ang sinasabi sa Deuteronomy 29:29 ay ito: Ang mga secretong bagay ay pag-aari ng ating Panginoon Diyos, ngunit ang mga bagay na nahayag ay sa atin.

Ibig sabihin nasasa Diyos kung ang mga pangyayaring hindi natin maunawaan ng lubusan ay bibigyan Niya ng liwanag o hindi.



Si Marco ay 16 years old at nag-iisang anak. Lumaki siyang may maginhawang buhay. Ang kanyang mga magulang ay may maunlad na negosyo kaya naman lahat ng kanyang magustuhan ay naibibigay nila. Sa hindi inaasahang pangyayari, pumutok ang bulkang Taal. Kinailangan nilang lumikas at iwan ang kanilang tahanan at kabuhayan. Nang pinayagan nang makabalik ang mga lumikas, nakita ng pamilya ni Marco ang pinsalang naidulot ng pumutok na bulkan. Bunga ng pangyayaring ito kinailangan magbago ng lifestyle ang pamilya nila sapagkat nasira ang kanilang tahanan maging ang lugar ng pinagnenegosyohan ng pamilya. Hindi matanggap ni Marco na ang mga dating nakasanayan niya ay mag-iiba na. Nagtanong siya “Nasaan ang Diyos? Bakit Niya hinayaang mangyari ito sa amin?”

Kung si Marco ay naniniwala na ang Diyos ay makapangyarihan at may control sa lahat ng nangyayari, ano ang maaari niyang maging response sa nangyari sa kanya?

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________



Ang Diyos ang lumikha ng lahat ng bagay na nakikita at hindi nakikita. Sapagkat Siya ang manlilikha, Siya ang may control sa Kanyang nilikha. Ipinagkaloob ng Diyos Ama ang awtoridad kay Jesu Cristo sa sansinukob. Ang lahat na sakop ng awtoridad dito sa mundo ay nasasakop ng pinakamataas na awtoridad na taglay ng Panginoong Jesus.

**PAG-BULAYBULAYAN:**

1. Kung kinikilala mo ang Panginoong Jesus bilang iyong final authority, paano mo maipapakita sa iyong buhay ang pagkilala mong ito?

   _______________________________________________
   _______________________________________________
   _______________________________________________

| | |
|---|---|
| Natutuhan ko na | Ang nagtataglay ng pinakamataas na awtoridad ay: |
| | Siya (sagot mo sa itaas) ay may ultimate authority sapagkat: |

**Verse of the Day:**

Lumapit si Jesus at sinabi sa kanila, “Ibinigay na sa akin ang lahat ng kapangyarihan sa langit at sa lupa. ***Mateo 28:18***